DEPARTMENT OF EDUCATION
DIVISION OF ZAMBOANGA DEL NORTE

RELEASED
DepED
03 MAY 2016
BY:
NAME/SIGNATURE

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

---

**MEMORANDUM PANSANGAY**
Blg. 152, serye 2016

Sa mga: Tagamasid Pampurok
Punungguro ng Mababa at Mataas na Paaralan
Mga Tagapayo ng Pampaaralang Pahayagan

Mula kay: **NATIVIDAD P. BAYUBAY**, CESO VI
Tagapamanihala Ng Sangay

Paksa: GABAY NG PANUKALANG PROYEKTO PARA SA PANDISTRITONG WORKSHAP SA PAGBUO NG BIG BOOK PARA SA BAITANG 1 AT 2

Petsa: Mayo 3, 2016

---

1. Alinsunod sa Memorandum Pansangay Blg. 124, serye 2016 na may pamagat na "**Pagsagawa ng Pandistritong Workshap sa Pagbuo Ng Big Book Para Sa Mga Guro ng Baitang 1 at 2**" na pinalabas noong Abril 6, 2016, ang mga Koordineytor sa Filipino ng bawat distrito ay inaatasang gumawa ng panukalang proyekto sa naturang gawain at aprobado ng Tagapamanihala Ng Sangay bago magsagawa ng nasabing workshap.

2. Kalakip ng Memorandum na ito ay ang sipi ng panukalang proyekto na ginamit sa naganap na Pansangay na Workshap Sa Pagbuo ng Big Book upang maging gabay ng lahat na bubuo ng panukalang proyekto para sa pandistritong workshap.

3. Ang Panukalang Proyekto ay isang gabay at magsisilbing halimbawa sa pagbuo ng panukalang proyekto. Palitan ang mga impormasyon na nararapat palitan tulad ng mga dapat magpirma ng dokumentong ito. Sa distrito, ang pipirma nito ay: Inihanda ni: pangalang ng guro; Binigyang-pansin ni: Tagamasid Pampurok; para sa kaukulang badget/availability of funds ay depende kung saan kukunin ang badget ng workshap, MOOE ba ng paaralan o kaya'y SEF kaya sino yong dapat pipirma upang mapaglalaanan ng pondo ang workshap at sa huli Aprobado ni: Tagapamanihala Ng Sangay.

5. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng Memorandum na ito.

Republika Ng Pilipinas
KAGAWARAN NG EDUKASYON
Rehiyon IX, Zamboanga Peninsula
SANGAY NG ZAMBOANGA DEL NORTE
Lungsod Dipolog

PANUKALANG PROYEKTO PARA SA PANSANGAY NA WORKSHAP
SA PAGBUO NG **BIG BOOK** PARA SA BAITANG 1 AT 2
(Alamat, Maikling Kuwento, Pabula at Parabula)

**I. Rasyonal Ng Proyekto**

Sa usapin ng teorya at pananaw sa pagtuturo ng pagbasa ay kaakibat nito ang isyu tungkol sa mahalagang kahahantungan ng pagbabasa; ang komprehensyon.

Ano nga ba ang komprehensyon?

Ang pagbasang may komprehensyon ay pagbuo ng mga tulay na mag-uugnay sa dating kaalaman tungo sa bagong kaalaman. ( Pearson at Johnson, 1978). Sa maikling salita, ugnayan ng teksto at ng kaalaman ng mambabasa.

Sa modelo ni Rumelhart (1977) ng Interaktibong Pagbasa, mapapansing ang dating kaalaman ng mambabasa at ang mga kasanayan sa paghinuha ang nasa sentro ng modelo, pagpapatibay ng paniniwalang ang komprehensyon ay pag-uugnay ng impormasyon mula sa teksto at impormasyon na nasa isipan ng mababasa.

Ginagamit naman ng mababasa ang mga impormasyon tungkol sa pagkilala ng salita, talasalitaan, grammar, kohesyon at kayarian ng teksto upang maiugnay ang bagong impormasyon sa dati niyang kaalaman.

Mahalaga ang dating kaalaman o iskima ng mambabasa tungkol sa teksto. Kung kulang sa angkop na konseptong kaugnay ng teksto, nagiging suliranin ang komprehensyon. Mahalaga rin bago bumasa ang paglinang ng mga dating konseptong nalalaman ng mambabasa na kaugnay ng tekstong babasahin.

Sinasabing kung walang pag-unawa ay walang pagbasang nagaganap. Ayon kay Goodman (1969) ang pagbasa ay nagiging makahulugan kung may interaksyon ang mambabasa at ang teksto.

Nagagamit ng bumabasa ang mga dati na niyang kaalaman at karanasan upang iugnay sa binabasa at sa ganitong paraan nauunawaan niya at nasusuri ang binabasa.

Ang pagbasa ay higit pa sa interaksyon sa pagitan ng nagbabasa at ng teksto (Johnson, 1983).

Sa kasalukuyang pananaw, ang mambabasa bago pa man niya basahin ang teksto ay may ideya na siya sa nilalaman nito batay sa dati niyang iskima sa paksa.

Kaagapay nito, tungkulin ng mga guro na makasubaybay (monitor) sa pang-unawa ng mga mag-aaral habang bumabasa at gumawa ng kaukulang aksyong panlunas sa mga bahaging hindi pa nila nauunawaan. Mabigat ang responsibilidad ng guro sa gawaing paggabay ng mga mag-aaral habang nagbabasa na mapanuri at sa paglakbay tungo sa malawakang pag-unawa sa teksto.

Ang Kritikal na Pag-iisip (KP) ay kalipunan ng mga kasanayan ng isang indibidwal na makapagbigay ng interpretasyon, makapagsuri, at mataya ang mga impormasyon tungo sa paglikha ng mga bagong ideya at perspektiba.

Sina Goodman (1977) at Smith (1973) ay nagsabi na ang mga konsepto na dala ng nagbabasa sa teksto ay mahalaga kaysa sa teksto mismo para sa pag-unawa o pagbuo ng kahulugan. Ang mga konseptong ito ay nagagamit kapag ginagawa ng nagbabasa ang top-down na pagproseso sa teksto.

Ang Teksto ay lunsaran lamang o resors sa pagbuo ng kahulugan. Hindi ang teksto ang sentrong iniikutan ng pang-unawa kundi ang tekstong nabubuo sa isipan ng mambabasa. Ang kahulugang nabuo sa isipan ng nagbabasa ang batayan kung nauunawaan niya ang binasa.

Ang workshap na ito ay maghihikayat sa mga guro na bumuo ng sariling Big Book para sa kanyang mga mag-aaral. Mabigyan din ng pagkakataon ang guro na mag-isip na mapanuri sa mga panitikan na ibabahagi niya sa kanyang mga mag-aaral. Inaasahang awtput sa workshap na ito ay makalikom ng maikling kuwento na angkop sa Baitang ang mga guro gamit ang Big Book.

Ang mga mabuong Big Book ay magsisilbing mga pagsasanay sa pagpapayaman sa mapanuring pag-iisip ng mga kabataan. Maging mabisa rin itong mga kagamitang panlunas sa pagbasa.

Inaasahang magagamit ng mga guro ang maging bunga ng workshap na ito at siguradong magpapagaan sa gawaing pagtuturo ng guro at sitwasyong pagkatutuo ng mga mag-aaral.

Ang mga kalahok workshap na ito mga guro na nagtuturo ng Unang Baitang at Ikalawang Baitang magmula sa 35 distrito ng Sangay ng Zamboanga del Norte. Tatagal ng dalawang araw ang palihan.

**II. Layunin:**

Ang tatlong araw na palihan ng mga kalahok sa workshap ay naglalayong:

1. makabuo ng mga Big Book na magagamit na pagsasanay sa paglinang ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral.
2. mapahalagahan ng mga guro ang mga akdang pampanitikan at magkaroon ng kaukulang magagaling na babasahing instruksyunal, mga aklat, modyul at iba pang kagamitan.
3. mabigyan ng pagkakataon ang mga guro na maging mapanuri sa mga akdang pampanitikan.
4. maibahagi sa mga guro ang mga nalikom na mga maikling kuwento na angkop sa Una at Ikalawang Baitang.

**III. Pamamaraan:**

Ang workshap na gagawin ay tatagal hanggang dalawang araw. Sa unang araw ay gagawin ang pagtatanggap at pagpapalista ng mga kalahok mula sa una hanggang pangatlong kongresyunal na distrito. Kasunod nito ang maikling pambungad na palatuntunan, pagpapakilala ng mga kalahok. Kabahagi rin dito ang pagdinig sa mensahe ng Tagapamanihala ng Sangay. Pagkatapos ng panimulang gawain ay sisimulan agad ang pagpapangkat-pangkat ng mga kalahok ayon sa baitang na tinuturuan.

**Gawain 1. Pagbuo ng pangkat ng mga gurong nagtuturo ng Baitang 1.**
**Layon:** Magkaroon sila ng pagkakataon na magbuklat ng kanilang dala na Teacher's Guide at Learning Material at masuri ang mga kasanayang angkop sa babasahin.

| Layunin | Paraan ng Pagsasagawa | Kalalabasan |
|---|---|---|
| 1. Masusuri ng mga gurong kalahok ang mga LM at TG. | Sisiyasatin ng mga guro ang TG at LM, pipiliin ang mga kasanayang angkop sa mga maikling kuwento at mabigyang-pansin ang mga kasanayan sa pagbasa na lilinangin. | Listahan ng mga napipiling kasanayan na maging batayan sa pagbuo ng mga tanong. |
| 2. Makabuo ng Limang Big Book at tanong na may mataas na antas. (high level questions) | Ang bawat guro ng Baitang 1 ay tatanggap ng dalawang kopya ng Maikling Kuwento. Babasahin niya ng makailang ulit upang maging kabisado niya ito at mahagilap ang kahulugan nito. Pagkatapos maunawaan ang kuwento na natanggap ay bubuo sila ng limang tanong para sa kasanayang pagtala ng detalye at limang tanong tungkol sa pagbibigay ng hinuha. | Limang Big Book na may limang tanong para sa pagtala ng mga detalye.<br><br>Limang tanong din tungkol sa pagbibigay hinuha. |

**Gawain 2. Pagbuo ng pangkat ng mga gurong nagtuturo ng Baitang 2.**
**Layon:** Magkaroon sila ng pagkakataon na magbuklat ng kanilang dala na Teacher's Guide at Learning Material at masuri ang mga kasanayang angkop sa babasahin.

| Layunin | Paraan ng Pagsasagawa | Kalalabasan |
|---|---|---|
| 1. Masusuri ng mga gurong kalahok ang mga LM at TG. | Sisiyasatin ng mga guro ang TG at LM, pipiliin ang mga kasanayang angkop sa mga kuwento at mabigyang-pansin ang mga kasanayan sa pagbasa na lilinangin. | Listahan ng mga napipiling kasanayan na maging batayan sa pagbuo ng mga tanong. |
| 2. Makabuo ng Limang Big Book at limang tanong na may mataas na antas. (high level questions) | Ang bawat guro ng Baitang 2 ay tatanggap ng dalawang kopya ng iba't ibang Maikling Kuwento. Babasahin niya ng makailang ulit upang maging kabisado niya ito at mahagilap ang kahulugan nito. Pagkatapos maunawaan ang kuwentong natanggap ay bubuo sila ng limang tanong para sa kasanayang pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento at limang tanong tungkol sa ugnayang sanhi at bunga. | Limang Big Book at limang tanong para sa pagsunod-sunod ng mga pangyayari sa kuwento.<br><br>Limang tanong din tungkol sa ugnayang sanhi at bunga.. |

**IV. Mga Kalahok**

Dalawang guro ng Baitang 1 mula sa 35 na distrito = 70
Dalawang guro ng Baitang 2 mula sa 35 na distrito = 70

KABUUAN 140

**V. Venue at petsa ng pagsasagawa**

**Venue: Top Plaza Hotel, Dipolog City**

**Petsa: April 4-5, 2016**

**VI. Kaukulang Badget**

**140 participants @ P 800.00/day =112,000.00 x 2 days = P224,000.00 (stay in workshop)**
**Check in time – 1:00PM – Abril 3, 2016 and check out time – Abril 5, 2016 – 12:00NN**

**1 pc tarpaulin 3 inches by 4 inches** = 500.00

**KABUUAN P 224,500.00**

CHARGEABLE TO DO. IN-SET FUNDS 3/10/16

## VII. Pagmonitor at Ebalwasyon

**A)** Para sa ebalwasyon ng workshap ay gagamitan ito ng rubric na nasa ibaba.

**Instruksyon:** Sagutin nang buong katapatan ang mga nakahanay sa ibaba. Lagyan ng tsek ang angkop na hanay.

| Aytem | Lubhang Kasiya-siya | Kasiya-siya | Katamtaman | Mahina | Paunlarin pa |
|---|---|---|---|---|---|
| 1. Bisa ng gawain | | | | | |
| 2. Kaangkupan ng impormasyon | | | | | |
| 3. Pagkamit ng layunin ng workshap | | | | | |
| 4. Kabuuang pamamahala sa gawain | | | | | |
| 5. Dagdag kaalamang nakuha | | | | | |
| 6. Mungkahing paksa para sa susunod na mga seminar | | | | | |

***B)*** **Pagtataya ng mga Mag-aaral:** Ipagamit sa mga guro ang mga nabuong kagamitan o modyul at magsasagawa sila ng pagtataya gamit ang pagkuha ng *mastery level* (ML) sa bawat pagkakataong ginagamit ang mga pagsasanay.

Ininihanda ni:

**ANITA D. SUBEBE** 2/24/16
EPS-FILIPINO

Binigyang-pansin ni:

**LILIA E. ABELLO, Ed. D.**
Chief- CID

Kaukulang Badget: 3/10/16

**ARVIE M. OMPOY, CPA**
OIC, Division Accountant

**Availability of Allotment:**

**CASEMERA LUNJAS**
**Budget Officer**

Aprobado ni:

**NATIVIDAD P. BAYUBAY, CESO VI**
Tagapamanihala ng Sangay 2/29/16